REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-99

KAPASIYAHAN NA HUMIHILING KAY PHILIPPINE NATIONAL POLICE (PNP) DIRECTOR GENERAL UMBERTO A. RODRIGUEZ NA MAGTALAGA NG KARAGDAGANG TAUHAN NG PULISYA SA BAYAN NG MUNTINLUPA.

*************************************************************

Ipinanukala ni : Kgg. Dante S. Almario

*************************************************************

SAPAGKAT, ang Bayan ng Muntinlupa ay isa sa pinakamabilis na umuunlad na bayan sa Kalakhang Maynila at sa buong bansa na rin;

SAPAGKAT, ang pag-unlad ng bayan ay paglaki rin ng populasyon na umaabot na sa mahigit na 350,000 ang bilang ayon sa kasalukuyang istatistika o sensus;

SAPAGKAT, sa kasalukuyan ang bilang ng pulisya na nakatalaga sa Bayan ng Muntinlupa ay 214 lamang na lubhang may kaliitan kung ihahambing sa laki ng populasyon at ito'y di-umaayon sa karapat-dapat na ratio na isang (1) pulis sa bawat limandaang (500) mamamayan upang mapagsilbihan ng mabuti ang kaayusan at katahimikan ng bayan;

SAPAGKAT, ang paglaki ng populasyon at ang pag-usbong at pagdagsa ng mga kalakalan at mga pamahayan sa Bayan ng Muntinlupa ay magdudulot ng karagdagang suliranin sa kaayusan at katahimikan lalo na sa aspeto ng sekuridad at trapiko.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na humiling kay Philippine National Police (PNP) Director General Umberto A. Rodriguez na magtalaga ng karagdagang tauhan ng pulisya sa Bayan ng Muntinlupa.

PINAGPASIYAHAN NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-56th na regular na pulong na ginanap ngayong ika-20 ng Setyembre, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan